# Ang ating sistema ng kalusugan at kapansanan

## Health New Zealand

Ang mga District Health Board (DHBs) ay nakapagsilbing mabuti sa New Zealand nang ilang mga taon, ngunit sa paglipas ng panahon, ang sistema ay naging labis na kumplikado at hiwa-hiwalay. Ang Health New Zealand ang magiging bagong organisasyon na magpapatakbo ng sistema ng kalusugan para sa buong New Zealand, na may angkop na mga tungkuling ihahatid sa lokal, pang-distrito, panrehiyon at pambansang antas.

## Ano ang nagbabago?

Ang mga repormang ito ay maglalansag sa kasalukuyang 20 DHB at pagsasamahin ang kanilang mga tungkulin upang maging Health NZ – isang bagong entidad na magpapatakbo sa pang-araw-araw na pamamalakad ng sistema para sa buong bansa. Mamamana rin nito ang pamamalakad na mga tungkulin ng Ministri ng Kalusugan, gaya ng pamamahala sa pambansang mga kontrata.

Pamamahalaan ng Health NZ ang lahat ng pangkalusugang mga serbisyo, kabilang ang mga serbisyo ng ospital at espesyalista, at pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga. Ang mga serbisyo ng ospital at espesyalista ay paplanuhin at ihahatid nang di pabagu-bago sa buong bansa. Ang pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga ay ikokomisyon sa pamamagitan ng apat na panrehiyong sangay, bawat isa ay makikipag-network sa isang hanay ng mga tanggapan ng distrito (Population Health and Wellbeing Networks) na bubuo at magpapatupad ng mga plano ng lokalidad upang mapabuti ang kalusugan at kagalingan ng mga komunidad.

Ang Health NZ ay magiging responsable para sa pagpapabuti ng mga serbisyo at kalalabasan sa buong sistema ng kalusugan. Sa pakikipagtulungan kasama ang Māori Health Authority, bubuo ito ng Plano ng Kalusugan para sa New Zealand – isang plano kung ano ang ihahatid ng sistema ng kalusugan sa darating na mga taon.

Ang paglipat ay ipaplano, gagawing yugtu-yugto, at pamamahalaan upang mabawasan ang pagkaputol sa mga serbisyo. Ang mga empleyado ng DHB ay lilipat sa Health NZ kasama ang umiiral na mga takda at kondisyon. Ang opisyal na petsa ng paglipat sa bagong istraktura ay malamang mangyari sa ika-1 ng Hulyo 2022, matapos maipasa ang batas.

## Bakit?

Kung sino ka, o kung saan ka nakatira, ay hindi dapat pagbatayan ng hanay at kalidad ng mga serbisyo na iyong tatanggapin. Ang mga repormang ito ay tungkol sa pagbibigay ng access sa lahat ng tao sa di pabagu-bagong kalidad ng pangangalaga kapag kailangan nila ito, upang tulungan ang mga tao na mabuhay nang mas matagal na may mabuting kalusugan at magkaroon ng pinakamabuting kalidad ng buhay.

Ang mga DHB ay itinatag 20 taon na ang nakararaan upang maging mas malaki ang partisipasyon ng mga komunidad sa paggawa ng desisyon, ngunit ang mga ito ay lumikha rin ng ilang artipisyal na mga hadlang sa mga pook, at mga salungat na insentibo. Sa paglipas ng panahon, ito ay humantong sa pagtuon sa mga indibidwal na distrito at hindi sa kung ano ang pinakamabuti para sa New Zealand sa kabuuan – ito ay lumikha ng pagkakaiba at di pagkakapantay-pantay sa mga pook at populasyon. Ito ay humantong din sa kumplikasyon at pagdodoble-doble, kung saan inuulit ng mga DHB ang mga tungkuling mayroon na, gaya ng procurement, mga sistema ng IT, at pamamahala ng mga ari-arian na magagawa ng pambansa o panrehiyon nang mas mabuti.

Ang ating sistema ng kalusugan ay naging labis na kumplikado para sa isang maliit na bansa. Nangahulugan ito na ang mga desisyon na aapekto sa lahat, katulad ng kung saan mamumuhunan sa bagong mga ospital o mga serbisyo, ay hindi gagawing pambansa. Maraming oras ang ginugol sa pagpapatupad ng mga hangganan sa mga distrito at mga propesyon, at walang sapat na diin kung paano tayo magkakasamang magtutulungan para sa kapakinabangan ng limang milyong taga-New Zealand.

Bagama't maraming napakagaling na mga gawi sa ating sistema, mahirap humanap at magbahagi ng inobasyon sa maraming mga organisasyon, na nangahulugang ang mga oportunidad upang bumuti ay napalambas. Bagama't ang mga DHB ay nilayon upang ilapit ang pangangalaga sa mga tao, sa tototo, ang mga komunidad at mga konsyumer ay wala pa ring gaanong partisipasyon o tinig sa maraming pangunahing mga desisyon.

## Ano ang magiging anyo nito sa hinaharap?

Para sa mga nagtatrabaho sa pangkalusugang mga serbisyo sa mga DHB, walang masyadong panandaliang pagbabago. Ang mga panrehiyong sangay at tanggapan ng distrito ng Health NZ ay titiyak sa pagpapatuloy ng mga serbisyo sa sistema ng kalusugan. Habang itinatatag ng Health NZ ang bago nitong papel at mga tungkulin, magbabago ang pagplano at pagkomisyon ng mga serbisyo, na tutuon sa di pagbabagu-bago at kalidad, at sa pagpapatibay ng mga pambansa at panrehiyong mga network.

Ang pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga ay mas mahusay na maibabagay sa mga pangangailangan ng mga komunidad, at ang mga konsyumer ay magkakaroon ng pagkakataong magbigay ng kanilang palagay tungkol sa mga serbisyo at paano ihahatid ang mga ito. Sa paglipas ng panahon, ito ay hahantong sa mas makabagong mga serbisyo na mas mahusay na sasalamin sa mga prayoridad at pangangailangan ng komunidad, kabilang ang mas maa-access na pangangalagang digital at virtual.

Ang mga serbisyong pang-ospital at pang-espesyalista ay magiging mas di pabagu-bago, na may mas pagkakapantay-pantay ng pag-access sa buong New Zealand. Ang mga tao ay makaka-access sa tamang pangangalaga sa tamang oras saan man sila nakatira. Ang nabagong diin tungo sa pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga ay magbibigay-daan din upang maalagaan ang mas maraming tao nang malapit sa kanilang tahanan, at magkaroon ng mas malaking papel sa sarili nilang pangangalaga. Ang mga pasyente at mga empleyado ay maaaring lumipat sa ibang mga lugar upang ma-access ang pangangalaga at trabaho kung kinakailangan.

## Ano ang susunod?

Ang detalyadong disenyo ng gawain sa darating na mga buwan ay kabibilangan ng pakikipag-ugnayan sa pangkalusugang sektor at sa mga konsyumer, whānau, at mga komunidad. Ang pansamantalang organisasyong Health NZ ay itatatag sa katapusan ng 2021, bago maipasa ang batas na magtatatag ng opisyal na organisasyon.

## Gusto mo bang malaman ang higit pa?

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa gawain at progreso ng mga pangkalusugang reporma ay makukuha sa website ng DPMC sa ilalim ng gawain ng Transition Unit: www.dpmc.govt.nz/our-business-units/transition-unit.